1

Pinagmasdan ni Jarno ang masayang mukha ni Nathan habang buong pagmamahal itong nakatingin sa bride na nangingislap ang mga mata habang naglalakad sa makeshift aisle sa isang private resort sa Palawan. Dito napili ng dalawa na ganapin ang pag-iisang dibdib ng mga ito. Isang tahimik at napakagandang lugar para sa kasal.

Bumuntong-hininga siya. Habang papalapit ang magandang bride ay parang humihilab ang tiyan niya, namimigat ang mga balikat at naninikip ang dibdib.

The bride was beautiful; and the sparkle in her beautiful eyes, the thin veil over her face, the white flowing gown she wore—reminded him so much of someone from long ago. Ang kaibahan lang, hindi nakangiti ang babaeng naaalala niya, that girl's lips had been pressed into a thin line. And her eyes had sparkled not with excitement, love, or anything remotely similar to those emotions. It had been filled with…

Fear.

"She's so beautiful," anas ni Nathan, ang groom, na katabi niya.

Siya ang best man nito. Pinasaya ni Jarno ang mukha. "Kaya hindi ka na nagkasyang ikulong lang siya sa bahay mo, talagang

tinalian mo na."

"Trust me, you'll do the same kapag nakilala mo na ang para sa 'yo," mayabang nitong sagot.

Hindi na siya kumibo. Hindi na nito kailangang malaman na nakilala na niya ang babaeng inisip niya noon na para sa kanya. And yes, pinakasalan niya rin ang babae. Patunay roon ang bilugang bagay na nakasabit sa kanyang leeg, katabi ng kanyang military dog tag.

"So, LT, 'buti pinayagan kang mag-leave," ani Fabio.

Si Fabio ang kanyang second lieutenant. Isang grupo sila na binubuo ng anim na operators ng *SEAL Team Six.* Sa mga kagrupo niya, siya si Lieutenant Jarno Milosevic, master operator and team leader. Dahil nagkaroon ng aberya ang huli nilang misyon ay nagpasya ang mga seniors nila na ipadala ang grupo nila sa Pilipinas upang magpalamig. Naging mapanganib dahil nakita ng mga kalaban nilang terorista ang kanilang mga mukha. Pero lahat ng iyon ay naresolba na. Ngayon ay balik na ang normal operation ng grupo nila.

Nakabalik na sila at ang una nga nilang mission ay ang pagliligtas sa kasamahan nilang si Lafernio at kay Adriana—isang *CIA* agent—na na-trap sa kamay ng mga *FARC,* ang pinakamalaking grupo ng terorista sa Colombia.

Pagkatapos ng matagumpay nilang misyon ay sabay-sabay nang nag-resign ang lima niyang kagrupo, siya ay naiwan sa Command Center, nasa proseso sa paghahanap ng mga bagong teammates. Pinayagan lang siya ngayong magbakasyon ng tatlong linggo habang inaayos ang lahat sa Dam Neck, Virginia kung saan naroon ang main headquarters ng *SEAL Team Six*.

Wala siyang balak magbakasyon pero hindi niya nahindian ang pagiging best man sa kasal ni Nathan. His friend literally had no one. No family. Silang lima lamang ang itinuturing nitong pamilya kaya siya napabalik sa Pilipinas. All of them had Filipino blood running through their veins at masaya siyang mga Filipina ang nakatuluyan ng mga kagrupo niya. Iyon ang rason ng pagre-resign ng mga ito at 'pang-iiwan' sa kanya.

At ngayon ay nasa long table sila, kasama ang lima niyang kagrupo katabi ang kani-kanilang minamahal kabilang na ang bagong kasal na sina Nathan at Georgina. Siya lang ang nag-iisang walang magandang babae na katabi.

"Of course!" sagot niya sa tanong ni Fabio. "Hindi na nga ako makapaghintay na bumalik sa duty. Sawang-sawa na ako sa inyo kaya kailangan ko na talaga ng bagong grupo," biro niya at saka uminom mula sa champagne glass.

Napangisi si Jake na nakaakbay sa girlfriend nitong si Agatha. "Aminin mo na, mami-miss mo kami."

Muntik nang umikot ang mga mata niya sa tinuran nito.

Pero itinutok na lang niya iyon sa pampang kung saan dinidilaan ng dagat ang pino at maputing buhangin. Kulay berde ang dagat dahil sa repleksyon ng maliliit na bundok na halos bumuo sa islang kinaroroonan nila. Kanina pa umalis ang mga bisita at sila na lang ang naroon sa private resort na nirentahan ni Nathan para sa buong araw na iyon.

Sa susunod na linggo ay tutulak na ang bagong kasal sa Paris para sa honeymoon. Hindi iyon magagawa ng bagong kasal sa susunod na araw dahil anniversary ng bahay-ampunan ni Georgina sa makalawa at kailangang naroon ang dalawa para i-celebrate iyon.

"Why don't you take up the offer from Langley? Nang sa ganoon, hindi mo na kailangang makisama sa bagong team. You can work on your own."

Sabay-sabay silang napatingin kay Lafernio. He was their technical expert until he was recruited to be a *CIA* agent na iniwan na rin nito kasama ng girlfriend na si Adriana.

"Nire-recruit ka ng CIA?" kunot-noong tanong ni Loki.

"How the hell did you know about that?" sa halip ay balik niya kay Lafernio.

Ngumisi lang ito at ang kapatid nito ang sumagot, ang girlfriend ni Loki. "Neo, you really need to stop hacking the *CIA*. Baka kung ano na naman ang maging consequence niyan pag nalaman nila," ani Julianne sa kapatid.

Napailing siya. Of course, Lafernio would know. Kinuha ito ng *CIA* nang mahuli itong 'pinapasok' ang system ng United States secure files. Nagkaroon ito ng amnesia habang nasa covert mission, napasama sa mga terorista at pinagtangkaan pa ang buhay nila nang ipalagay nito na sila ang kalaban at kakampi nito ang mga terorista.

"Oh, I know better now. Hindi na nila ako mahuhuli," kumpiyansa nitong sagot.

"So bakit hindi mo 'to sinabi sa amin?" tanong ni Jake sa kanya.

"Dude," nilingon niya ito, "it's the *CIA*."

Napangiti si Jake na parang napahiya. Anything related to the *CIA* should not be mentioned. At all. "Okay, change question. Ba't di mo tinatanggap?"

"I'm a soldier, Jake," tipid niyang sagot.

"So yeah, thanks for the wonderful conversation on our wedding day, guys," singit ni Nathan na sarkastikong nakatingin sa kanila.

Napahalakhak si Fabio na sinundan ng lahat. Inabot niya ang baso ng champagne at tumayo. "A toast, if I may?" Nakatingin siya kay Georgina, ang bride.

"Go ahead, please…" Matamis ang ngiti ng babae at hindi pa rin naaalis ang kislap sa mga mata.

"It feels like it's only yesterday when I saw this green-eyed bastard ranting at the Command Center about not wanting to come anywhere near the Philippines. Naging mahirap sa kanya dito. And I'm confident to say na wala ni isa man sa amin ang umasang makikita namin si Nathan na maging ganito kasaya lalo na't dito pa sa Pilipinas." Nilingon niya si Georgina na kagat-labing nakangiti sa kanya, hawak ang kamay ng asawa. "This toast is for you, Georgina. I'm simply amazed that you've endured Nathan up to this point." Nagtawanan ang lahat. "And I sure as hell hope you'll keep Nathan's stupid smile plastered on his face forever… Toast!"

"Toast!" nakatawang segunda ng lahat.

"S-Sir Jarno?"

Nabitin ang pag-upo niya at kasabay ng lahat ng nasa mesa, napadako ang tingin niya sa nagsalita. Nahugot niya ang hininga sa nakita. Isa iyong lalaking mahigit cincuenta na ang edad at matangkad. Maayos na nakasuklay ang buhok nito papunta sa batok at kapansin-pansin na ang ilang puting hibla. Naka-coat and tie ang matanda at may bitbit na organizer at maliit na medicine kit. Alam na alam niya kung para kanino ang mga iyon.

"Martin," pag-acknowledge niya at tumayo nang tuwid.

Kumurap-kurap ang matanda bago muling nakapagsalita. "Sir Jarno, ikaw nga!" Bigla ay parang napahiya ito at yumukod. "Ikinagagalak ko po kayong makita."

Damn it, anas niya sa sarili nang makitang kunot ang noo at nagtataka ang mukha ng lahat ng nasa mesa. Magsasalita sana siya upang ayain ang matanda palayo pero naunahan siya ng tanong ni Nathan.

"Who's the gentleman, LT?"

Hindi siya nakasagot agad at sinalo ni Martin ang usapan. At base sa tanong at dahil napansin marahil ang banyagang hitsura ng mga nasa mesa ay nagsalita ito sa parehong lengguwahe.

"I'm sorry to interrupt. I'm Martin dela Cruz, executive assistant of Mr. Jaime Ricafort, grandfather to Mr. Jarno Ricafort here."

"Ricafort?" sabay na ulit nila Loki at Lafernio.

Nagpalipat-lipat ang tingin ni Martin sa kanila na nalito na rin.

"Jaime Ricafort, as in 'yung isa sa pinakamayayamang tao sa Asia?" bigla ay singit ni Georgina.

Lumiwanag ang mga mata ni Martin ngunit bago pa ito muling makapagsalita ay nahawakan na niya ito sa braso. Nilingon niya ang mga kasama. "Excuse us for a minute."

Nang malayo na sila ay saka pa lamang niya binitawan ang matanda na naghalo ang kaba at pagkalito sa mukha. "Ano'ng ginagawa mo dito?"

"N-naririto ang lolo n'yo."

"Alam ko, pero ano'ng ginagawa ninyo dito?" ulit niya.

"B-bibilhin ni Sir ang islang ito," alanganin nitong tugon. "Narito siya para tingnan ito ulit at para i-finalize ang lahat. Aalis din siya mayamaya lang. Kausap pa ni Sir ang may-ari nito."

Humugot siya ng malalim na hininga. "Don't tell him that you've seen or talked to me," bigla ay nasabi niya.

Muli ay napuno ng kalituhan ang mukha ng matanda. "B-bakit? Kailan pa ba kayo dito? At bakit hindi kayo nagpasabi?"

Sinalubong niya ang tingin nito na agad namutla at napayuko. "I'm sorry. I know it's not my business."

"No one will know that I'm here, naiintindihan mo?" matigas niyang sabi.

"Yes, Sir."

Tinalikuran na niya ang matanda ngunit bago siya makalayo ay muli itong nagsalita. "N-natatanggap n'yo ba ang mga sulat sa inyo ni Sir?"

Natulos siya sa kinatatayuan at marahang muling humarap. "Is everything okay at the villa?"

Mabilis na tumangu-tango ang matanda. "Sinusubukan kang tawagan ni Sir Jaime pero hindi kayo ma-contact kahit saan. Pati sulat ay sinubukan nila pero wala rin silang natatanggap mula

sa inyo."

"Nila?" tanong niya.

"Si Ma'am Scarlet," nakayuko nitong pagkumpirma.

Ramdam ni Jarno ang tila pag-iigtingan ng kanyang lamanloob sa narinig na pangalan. Ngunit nanatiling walang ekspresyon ang kanyang mukha. "What happened?"

"I suggest you talk to them about this matter," anang respetadong assistant ng abuelo.

His lips were pressed into a thin line when he spoke again. "Mas marami kang alam kaysa kay Papa, Martin. Lahat ng desisyon sa bahay man o sa negosyo ay dumadaan sa 'yo. Now tell me why they're trying to contact me."

Humugot ng malalim na hininga ang matanda. "Ma'am Scarlet wants an annulment and Sir Jaime gave her his… his blessing, Sir."

Tumiim ang mga bagang niya. "Is that so?" Mapait ang lasa ng mga salitang iyon sa dila niya.

"Sir, I strongly suggest you come home with us. Ilang minuto na lang at darating na ang private plane na susundo sa amin ng lolo mo pabalik sa villa."

"Wala kang pagsasabihang nakita mo ako, Martin," sa halip ay saad niya.

"Sir…"

Agad na naputol ang sasabihin nito nang salubungin niya ang tingin nito. Napayuko ang matanda. "Hindi kita nakita, Sir."

Tumalikod na siya at iniwan ito.

"May problema ba?" salubong ni Fabio sa kanya.

"I'm sorry, guys, ladies… I need to go," paalam niya at inabot ang susi ng sasakyan at ang cellphone niya na parehong nasa mesa.

"Sandali, sino ba 'yon? At bakit Ricafort ang sinabing apelyido mo?" Si Loki.

"I'm Jarno Milosevic Ricafort. That's my full name. Mas ginagamit ko lang ang apelyido ng mama ko. But I use Ricafort for most of my papers. Our seniors are aware of this," paglilinaw niya.

Ang kanyang amang si Jaimie Ricafort ay isang half-Filipino, half-American na sundalo na nakapangasawa ng Serbian—si Jana Milosevic—ang kanyang ina. She died shortly after his father died on a mission in Pakistan. Doon siya nanirahan sa mga tiyahin niya sa America, mga kapatid ng mama niya hanggang sa magsampung taong gulang siya. Pinalaki siya ng mga Serbians kaya pinili niyang Milosevic ang gamiting apelyido. Hanggang sa matagpuan siya ng kanyang abuelo at dalhin sa Pilipinas. Sinabi ng matanda na mamanahin niya ang hindi nito naipagkaloob sa

kanyang ama.

He was dressed, groomed and trained to be an aristocrat, like his father and grandfather were before him. Ikinainis niya iyon, kagaya ng kanyang ama. Hindi tinanggap ng mga Ricafort ang nanay niya noon sa kabila ng katotohanang kasal ito sa ama niya at anak na siya ng mga ito. Naging miserable ang buhay ng kanyang ina—nagmistulang kabit dahil sa dalang ng pagkakataong nabibisita ito ng kanyang ama. His grandfather had always found a way to keep them apart. Kapag off-duty ang kanyang ama ay mas madalas pa itong umuwi sa Pilipinas kaysa sa kanila. Hindi dahil iyon ang gusto nito kundi dahil sa demands ng lolo niya na ipinangakong tatanggapin sila kung susundin ang lahat ng iuutos nito. Needless to say, the bastard didn't keep his promise. Hanggang sa namatay ang kanyang ama, na sinundan ng nanay niya na nagkaroon ng heart failure.

"Holy shit, you're heir to *Ricafort Company Limited?"* Si Jake.

"Looks that way, Jake," aniya at inubos ang laman ng baso. "Congratulations once again, Nate, Georgina. Everyone, I'll see you."

"Saan ka ba pupunta?" habol ni Lafernio.

"Manila. And then home. To see my wife."

Iyon lang at iniwan na niya ang mga itong nakatulala.